# #pasahero: Pulo-pulong Sanaysay hinggil sa Mga Karaniwang Paglalakbay

**Joselito D. Delos Reyes**

**ILANG PAUNANG SALITA LANG.**

PAPAMAGATAN KO ITONG #pasahero. Hayan, lahat makaka-relate diyan. As in lahat. Dahil nag-search ako sa Google, tapos nakita ko ang spanishdict.com (parang medyo masagwa ang pangalan ng website 'no?). Tinipa ko ang salitang-ugat ng pasahero, pasaje. Ang daming sinabing kahulugan sa Spanish.

Heto ang ilan:

Puwede raw "trip." Sino sa atin ang hindi pa nag-trip sa literal at figurative na kahulugan ng trip? As in "When is our trip na nga, you know biyahe? As in lakbay?" O kaya "Trip mo ko, P're?" O kaya "Oy, 'wag ka ngang mag-trip d'yan, 'wag mong ipasok ang tenga mo sa termos." Trip.

Puwede ring pasaje equals "pass" o iyong sa tiket. Makakapasok ka sa sine nang libre kung meron kang passes. Ganyan.

O pasaje equals "fare." As in pamasahe. O magkano ang pasahe sa umaandar na MRT mula North Avenue hanggang Magallanes? Ano? Sira ang tren? Hindi pwedeng managasa ng opisyal ng pamahalaan? Bad trip.

At siyempre, talakayin natin ang ibig sabihin ng salitang "pasajero" na naging "pasahero" na nga sa atin. Sa Ingles, ang pasahero ay "a person who travels." Naglalakbay na tao. Pasahero.



likhaanjournal11 inside pages 110617.indd 202 11/7/2017 3:38:51 PM

Hayan. Malinaw. Hindi na lamang iyong nagko-commute. Hindi na lamang iyong may sasakyan. Puwedeng naglalakad. Pasahero ka. Tayo. Naglalakbay. At sa paglalakbay kong ito, marami akong napapansin. Dahil pinapanindigan ko na ang tanging iniwang pamana sa akin ng aking mga yumaong magulang, ang angas, pupuna at pupuri gamit ang kapangyarihan ng angas. Dahil sabi nga ng Pabebe Girls (na mabilis na nalaos), walang makakapigil sa akin.

Bueno. Dahil naglalakbay tayong lahat sa buhay na ito, pipilitin kong sakyan (pun intended) ang trip. Sama-sama tayong sumakay at bumiyahe. Dahil lahat tayo ay pasahero sa bansang itong bahagyang-bahagyang umusad.

Naks.#

## BORAWAN

Ako? Takot? Sa biglaang lakad?

Nang pumarada kami sa loob ng isang walang pangalang resort sa Padre Burgos, Quezon, napansin ko agad ang dagat. Maingay. Malikot. Kulay abo. Matingkad na abong may belo ng puting usok. Walang kaduda-dudang ulan ang puting belong iyon. Sa malayo—hindi ko alam kung gaano kalayo—makikita ang manipis na paggitaw-gitaw ng puting alon sa abuhing dagat. May dalawang mini-isla akong natatanaw, maganda sana kung hindi lang ako kinakabahan habang tinatanaw. At sa mas malayo, iyong kabundukang may magandang dalampasigan. Daw. Ayon kay Ser Queddeng. Itinuro niya sa akin, "Hayun lang ang Borawan, malapit lang. Mga 10 minutes lang ang b'yahe."

Duda na ako. Sinabi ni Ser Queddeng o Ser Q na mga isang oras at kalahati lang daw sa maulang biyahe ng pribadong sasakyan ang Lucban hanggang Padre Burgos. Dalawang oras yata mahigit minaneho ni Ferdie. "Isa't kalahati kapag ako ang nag-drive," paglilinaw ni Ser Q. Kaya duda ako sa sampung minuto mula resort patungong Borawan Cove. Baka sabihin ni Ser Q., "Ten minutes kapag lantsang pangarera, o kapag wala ni katiting na alon, o kapag helicopter ang sinakyan, o teleportation, o time-space warp."

Nakalimutan ko ang pamalit kong kamiseta kaya naghubad ako. Lest ma-pulmonia dahil sa basang kamisetang isusuot ko pauwi na tutuyuin ng Honda aircon ni Ferdie. Kung makakauwi. Nang may buhay pa ang katawan ko. Na nagsisimula nang basain ng malakas na ulan. Nabuwisit agad ako sa sarili, nakalimutan ko yata sa plantsahan namin ang kamiseta. Buwisit na memorya. Pati sachet ng shampoo, nawawala sa bag. Buwisit na biglaang lakad.

Nagsimula agad sa standard turista ritual si Roland pagdating. Namulot ng malalaking kabibe sa paligid ng nameless resort. Sinigawan siya ni Ser Q, "Huwag



likhaanjournal11insidepages110617.indd 203 11/7/2017 3:38:51 PM

'yan!" Ang "'yan" ay tumutukoy sa kabibeng hawak na noon ni Roland, pinapalisan ng kumapit na basang buhangin. "Inihian 'yan ni Jowie." Ako si Jowie. Sabay balibag ni Roland sa kabibe. Kaunting ambon lang naman ng dyinggel. Napakaselan.

Nakakita si Roland ng life vest sa kubeta ng nameless resort. Pinili ang kulay primal screaming green para madaling makita ang paglutang ng katawang-lupa namin. Pumili na rin si Jaileen, ang kasama naming naka-day-off sa trabaho sa isang media outfit. Pumili na rin ako. Mabuti na ang sigurado.

Sa gilid ng nameless resort ay may mga gula-gulanit na cottage. Mukhang hinipan ng bagyo kaya nagkagiray-giray, nagkabali-bali ang mga biyas na kawayan. Huling hirit ko kay Roland bago ang point-of-no-return na pamamangka sa dagat: "Baka puwedeng d'yan na lang tayo mag-picnic?" Inginuso ko ang kalas-kalas na cottage. Huwag daw akong KJ, supladong sagot ni Roland. Maselan na masungit pa.

Kausap ni Ser Q ang bangkero. Aalis daw muna saglit, kukunin daw ang mas malaking bangka na ipambabangga sa alon, sa mukhang marahas na alon, para makarating kami sa Borawan. Isa-isa nang binuhat ng mga tripulante ng bangka ang gamit namin sa maulan at biglaang picnic sa Borawan: mga isda, tahong, at gulay na iihawin at lulutuin sa ulan err sa apoy, softdrinks, tsitsirya, kalahating galon ng lambanog, yelo, cooler. At kalahating galon ng lambanog na masinop na kinalinga nang dalawang taon ni Ser Q. Kani-kaniya kaming buhat ng mga bag namin. Malayo ang paradahan ng bangkang maghahatid sa amin sa Borawan. Nakahihilo ang tapik ng alon sa binti. Nakahihilo ang alon kahit masdan lang. Inalalayan kami pag-akyat. Kumpleto na. Kasama pati kalahating galon ng lambanog na mayroon daw babad na ginseng at kung ano-anong prutas kaya nagkulay tsaa.

Hindi sampung minuto. Hindi ko alam kung gaano katagal pero hindi sampung minuto. Ang ikasampung minuto ay naglayo lang sa amin nang kaunting-kaunti sa pampang kung saan kami galing. Palagay ko, naukit ang kahoy na upuan ko dahil sa matatag na pagka-clamp ng kamay ko. Clamp, hindi hawak, hindi pag-alalay lang basta para hindi tangayin ng hangin o lamunin ng along mukhang gutom na gutom, mukhang masiba sa katawan ng tao. O sa lagay namin, mga tao. Binabayo kami ng hangin at ulan. Tinanong ko si Ser Q, malakas ang boses ko dahil nakikipagkompetensiya ako sa ungol ng makina ng bangka at hagupit ng ulan: "Ser! Ba't ang tagal?"

"Umiiwas tayo sa malakas na alon." May dahilan akong kabahan di ba?

Pinagmasdan ko ang parte ng "mas malaking" bangka. Pinag-aralan ko kung alin ang makakalas at lulutang, kung alin ang puwede kong kapitan, kung anong parte ng bangkang kahoy ang papalo sa ulo ko para mawalan ako ng malay, para magpalutang-lutang at pagkatapos ng tatlong araw ay makitang namamaga sa kung



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 204 11/7/2017 3:38:51 PM

saang dalampasigan ng Bondoc Peninsula, makikilala na lamang ng asawa ko dahil sa brief na suot ko: itim na Jockey Sports na tigtatatlong daang piso. Wala nang ulo dahil kinain ng milyong dilis at alamang. Maghihiganti ang mga tanigue sa akin dahil sa walang habas kong pagkilaw sa kanila noong nabubuhay pa ako. Wala nang makakikilala sa akin kaya ilalagay na lang ako sa kahon ng floor wax, wala nang salamin para makita ang mukha kong hindi "parang natutulog lang," susunugin na lang ang kahon at what remains of my bangkay ng isang litrong gasolina. Sisigaan sa ilalim ng punong mangga sa pag-asang makakapagpabunga ako. Tipid sa bayad sa serbisyo ng funeraria. At Mother Earth-friendly.

Pinagmasdan kong pilit ang malabo at malayong dalampasigan. Mahapdi ang ulan na parang tubig-dagat, heck, galing nga sa dagat ang ulan. Gaano kalayo ang malalangoy ko bago ako pulikatin? Gaano kalayo bago mamanhid ng lamig ang katawan ko? Kaya ko bang labanan ang alon palapit sa pampang habang hinahatak ako ng dagat palayo, palapit sa laot at kamatayan? Mga ilang kilometro itong natatanaw kong aandap-andap na dalampasigang may nakadaong na nanahimik—at nang-iinggit—na bangka na waring nagsasabi: "Behlat, bumiyahe pa kasi kayo." Paano kung makarating kami sa Borawan at maubos namin nila Ser Q, Roland, Ferdie, Jaileen ang ginseng-spiked lambanog at masaya kaming bumalik para lang bayuhin ang bangka ng alon? Paano ako lalangoy kung maligaya ako sa naghuhumindik na kalasingan? Kakanta ba ako ng James Ingram na "Where Did My Heart Go?" habang nilalapastangan ng sea cucumber ang lalamunan ko? Paano ipaliliwanag sa asawa ko ng Coast Guard na nakakita sa bangkay ko kung bakit ako natagpuan sa Pitogo, Quezon o sa Marinduque samantalang ang paalam ko lang naman ay magpupunta ako sa SM Lucena?

Ang dami kong tanong at pagninilay sa siguradong hindi sampung minutong biyahe ng bangka. Tinanong ko si Rap-Rap, ang ipinagkatiwalang aalalay sa amin sa Borawan: mag-iihaw, magbubuhat, magtatagay if necessary, kung karaniwan lang ba ang ganitong maalong biyahe? Oo raw. Gumaan ang pakiramdam ko. Ligtas naman kaya kami? Oo raw. Tinanong ko si Rap-Rap kung karaniwan bang may naaksidente sa ganitong unos? Oo rin daw. May namamatay? Oo rin daw. Guwapo ba ako? Oo rin daw. Tiningnan ko si Rap-Rap, ibinuka ko ang bibig ko kahit walang sinasabi. Sumagot at tumango. Oo rin daw.

Well, nakarating naman kami sa Borawan. At nakabalik nang maayos sa Quezon Mainland nang hindi nababanlawan nang maayos ang katawang-lupa (kaya maraming naangkat na buhangin ang mga singit-singit ng katawan ko na puwedeng pasukan ng buhangin). Nakarating kami nang maayos, otherwise, hindi ko na maisusulat ito, di ba? Masaya kami. At naubos ang lambanog (at nasisi pa ako ni Roland at Ferdie dahil



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 205 11/7/2017 3:38:51 PM

nabitin sila, kami, sa kalahating galon ng ginseng-spiked lambanog dahil tinanong ako ni Ser Q bago kami umalis kung sapat na raw ba ang organic alak naming dadalhin, sapat na kako, malay ko bang nagiging dayukdok ang lahat kapag binalasa na ng ulan at alon ang pagkatao). At nakabalik kami sa Lucban sa loob lamang ng isang oras at kalahating vomit-inducing na biyahe sa kurbada ng mga bayan-bayan sa Quezon ng maulang Agosto. Kaya kung itatanong ninyo kung takot ba ako sa biglaang lakad? Mariin kong sasagutin. Medyo.#

## LIPAD

Tatlong instances kung bakit nasabi kong mabilis ang lipad namin: una, nakalagay sa ticket na isang oras ang NAIA hanggang Tuguegarao Airport. Ikalawa, sinabi ng piloto sa public address system ng eroplano na komo delayed nang halos beinte minutos ang lipad dahil sa masikip na air traffic at maraming nakapilang eroplanong papalipad rin, babawi daw siya: "Since we departed late, let me make it up to you by flying fast." Totoo, parang ganiyan ang sinabi niya. Ikatlo, galing ako sa Tuguegarao noong nagdaang buwan at inabot ng kulang isang oras ang papunta sa norte.

Dahil dadalawa naman kaming magkasama papunta ng Sanchez Mira campus ng Cagayan State University para maging speaker sa Student Congress ng unibersidad, nagsabay na kami ni Pastor Noel na mag-check-in sa eroplano, para magkatabi na rin kami ng seat. Sa pag-check-in, nakakita ang ground crew ng eroplano ng bakanteng magkatabing upuan, sa puwet ng eroplano. Ayos, sabi ko, malapit sa kubeta.

Sa dami ng lipad ni Pastor sa hamak na mas matagal na biyahe, sa hamak na mas malaking eroplano patungo sa Europa—sa Université de Genève siya nag-masters—ngayon lang daw siya uupo sa bandang hulihan ng aluminum tube na may pakpak. Ako din. So, bahagi ng lipad namin ang kuryosidad kung ano ang pakiramdam ng pasaherong sa bandang dulo ng eroplano nakapuwesto.

Mauga. Bagamat aliwalas ang alapaap at kitang-kita ang kabundukan ng Sierra Madre sa ibaba—Angat Dam, dalampasigan ng Aurora, bulubunduking Quirino at Nueva Vizcaya, mighty Rio Grande de Cagayan ng Isabela at Cagayan, ehem, iba na ang mataas ang grade sa Geography noong high school at college—ramdam na ramdam namin ang uga. Nilibang ko ang sarili sa pagtunghay sa greeneries sa ibaba samantalang si Pastor Noel, iidlip-didilat sa uga ng eroplano at ingay ng tatlong stewardess at nag-iisang steward na nag-aayos ng mga kung ano-ano sa aisle at nagtitinda ng kung ano-anong kalakal tulak ang kanilang sosyal na kariton.

Nanalo si Pastor Noel ng may logo ng airline na pouch sa kontes na may kinalaman ang basic math (ang totoo, itinuro ko ang sagot matapos ang dalawang



likhaanjournal 11 inside pages 110617.indd 206 11/7/2017 3:38:51 PM

millisecond ng tanong), kung ilang taon na raw ang kompanyang Cebu Pacific kung nagsimula itong magserbisyo noong 1996. Disinuwebe.

Dyuminggel ako matapos ang kontes. Dahil may tao pa sa kubeta, nakipag-usap ako sa stewardess na nakatambay malapit sa kubeta. Itinanong ko sa magandang stewardess kung handa ba siyang magmahal nang masidhi at walang maliw sa isang propesor na may asawa at dalawang anak. Joke. Hindi ko itinanong iyon siyempre, hi hi. Itinanong ko talaga kung ano pa ang schedule nila ng lipad sa araw na iyon. Unang flight daw nila, at pagbalik sa NAIA matapos kaming ihatid at isakay ang mga pasaherong pa-Maynila, naka-schedule naman sila pa-GenSan. Balikan din. Kuwenta-kuwenta ng oras. Ibig sabihin, gagabihin sila nang husto.

Hindi ko pa man naisasayad ang puwet ko pabalik sa upuan mula sa kubeta, tumunog na ang fasten-your-seatbelt warning sign. Bababa na raw kami. Mabilis ang pagbaba, alam ko, dahil palapad nang palapad ang itsura ng sinusundan kong Rio Grande de Cagayan sa ibaba. Saktong 35 minutes, naka-full-stop na kami sa airport ng Tuguegarao.

Pero wala sa paghinto ang saya, ang excitement. Nasa pagbaba. Tatlong beses sinuong ng eroplano ang tatlong makakapal na kulumpon ng puting ulap sa pagbaba. At bawat sagasa sa ulap, umuuga, mauga ang dulo ng eroplano, meaning ang bahagi kung saan kami nakaupo. Pinong-pinong uga sa bawat kaulapan habang umuungol ang mekanismong naglalabas ng landing gear. Ulk, naalala ko ang huling napanood kong episode ng palabas na Air Crash Investigation sa cable. Napatingin ako kay Pastor na mukhang hindi rin mapakali, gusto ko sanang tanungin siya kung gaano katotoo ang buhay na walang hanggan matapos ang mortalidad namin sakay ng eroplano. Hindi nagawang bumuka ng bibig ko. Pinakiramdaman ko, hinintay ang paglapag. Iyon na yata ang pinakamatagal na tatlumpong segundo ng buhay ko.

Hanggang naroon na nga sa labas ang tuktok ng mga kabahayan malapit sa airport. Hanggang sa maugang pag-landing kasama ang maingay na mekanismo ng pag-angat ng dulong bahagi ng pakpak para bumagal ang mabilis na takbo sa runway ng kumaripas na eroplano ng kompanyang nagdiriwang noong mismong araw na iyon ng huling taon ng pagiging teenager.

Buhay kaming lumabas ng eroplano sa nagngangalit na katanghalian sa pinakamainit na lugar sa bansa.

Bago lumabas ng eroplano, nginitian ako ng stewardess na nakabantay sa pinto, hindi na iyong kausap ko kanina sa kubeta na nangako ng illusioned love without borders and morality. I smiled back. Sino ba naman ako para ipagdamot ang aking God-given bedimpled smile? Pangkaraniwan lang lahat sa kanila kahit ang dahas ng pag-landing kanina. Bago ako humakbang sa hagdan, sinabihan ko siyang ingat sa

mahaba pa nilang biyahe sa GenSan. Nagtaka, parang gusto akong habulin, yakapin, halikan, at tanungin kung bakit nalaman kong pa-GenSan pa sila. Pero hindi na siya humabol.

Sa init ng ala-una ng hapon sa Tuguegarao, itinanim ko sa aking isip na hindi na ako dapat pang manood ng Air Crash Investigation sa cable. Nakatulong, kahit papaano, ang pagkakaroon ko ng kasamang pastor.#

## INONDOY

Sabado, ala-una ng hapon. Nagpaalam na sina Ate Sotie at Ringgo, mga kaklase ko. Lulusungin na raw nila ang baha sa Taft Avenue. Nagpaiwan ako. Sabi ko magdidili-dili muna ako kung susuong o magpapahupa ng baha. Maglalakad-lakad muna kako ako sa loob ng kampus na mga isang oras na ang lumipas nang magdeklara na suspendido na ang klase. Pero sinabi ko sa kanilang siguradong uuwi rin ako.

Beterano daw ng bahaan si Ringgo. Pinalaki daw siya ng baha sa España noong nag-aaral pa siya sa hay-iskul at kolehiyo. Si Ate Sotie naman, sasabay daw at manghihiram ng tapang sa lakas ng loob ni Ringgo sa pagsaludsod sa baha. Pareho silang pa-Quezon City.

Ang totoo, pinaghahandaan ko ang siguradong mahaba-habang biyahe pauwi sa Lucban. Kumuha lang ako ng tiyempong umebak sa loob ng kampus para hindi maging abala ang mag-aalburoto kong lamanloob kung sakaling mai-stranded ako sa kung saang lupalop pauwi sa Lucban.

Hanggang tuhod ang baha sa Taft sa mismong tapat ng De La Salle University. Paglabas ko, saktong nakanganga ang pinto ng isang bus na papuntang South Mall. Lusong. Pasok. Malamig sa loob. Maraming bakanteng upuan. O mas tamang sabihing maraming binakanteng upuan. Dahil sabi ng mamang nakatabi ko sa upuan, dalawang oras daw ang itinagal ng biyahe nila sa bus mula Quirino hanggang La Salle. Baka daw dalawang oras uli mula La Salle hanggang Buendia kung saan ako sasakay ng bus na papuntang Lucena. Parang totoo ang sinabi ng mama kasi beinte minutos tumambay ang bus sa harap ng La Salle. Gustong pasakayin ang lahat ng estudyanteng ibinabalong ng unibersidad na binaha daw sa unang pagkakataon sa loob ng kulang sandaang taon ng existence sa balat ng Kamaynilaan.

Onse ang bayad ko sa bus. Pakiramdam ko, na-onse ako dahil hindi man lang umusad ang bus. Bumaba ako pagkatapos ng kulang-kulang tatlumpong minutong pangangaligkig sa ilalim ng aircon, sinaludsod ang tatlumpong metrong distansiya mula sa sinasakyang bus hanggang sa Vito Cruz station ng LRT. Magtetren na lang ako. Dose pesos ang bayad sa nakalutang na tren. Mukhang siguradong makararating pa sa Buendia.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 208 11/7/2017 3:38:51 PM

Mahaba ang pila ng mga pasaherong bumibili ng tiket. Kulang kalahating oras bago ko nakita nang mukha sa mukha, taghiyawat sa taghiyawat ang nagbebenta ng tiket. Matagal dumating ang tren. Nang mga kinse minutos na at walang dumarating na tren patungong Baclaran, pumalahaw ang announcement sa PA system ng estasyon ng Vito Cruz. Sinusuwerte ako. Code yellow daw ang buong linya ng tren dahil may nasirang bagon sa U.N. Avenue station. Isinara ng mga sekyu ang mga turnstile sa estasyon. Walang pinapasok na pasahero. Hingang malalim. Kaibigan ko yata ang misteryong si Murphy, at ang kanyang pinakaiiwasang batas: Murphy's Law.

Pagkatapos ng sampung minuto, may announcement uli sa PA system. Hindi ko na naintindihan ang sinabi. Maingay na sa estasyon dahil sa dami ng naghihintay na pasahero. Nagsilbatuhan ang mga sekyu. Nagpapasok uli ng pasahero, dagdag sa mga giniginaw na pasaherong nakatambay na nang matagal-tagal gaya ko. Magandang senyal. Ilang sandali pa nga dumating na ang tren na umaapaw sa pasahero. Naalala ko ang dadalawang taludtod na tula ni Ezra Pound nang makita ko sa loob ng papahintong tren ang hapis at basang-basang mukha ng mga pasaherong halos makipaghalikan na sa pintong salamin. Mga basang talulot na nakadikit sa basang salamin. Aparisyon.

Pagbaba ko sa Buendia bumalandra sa mukha ko ang dating abalang haywey na isa nang ilog. Walang bumibiyahe. Heto na ang pinakapopular na pakahulugan sa istranded: gusto mong umalis at lumayo pero hindi mo magawa.

Bumili muna ako sa binabahang convenient store ng gamit at pagkain: biskwit, mani, bottled water, alkohol at tsinelas para matuyo ang paa ko na babad na sa loob ng sapatos kong Camper, paghahanda sa mahabang hintayan na maaring tumagal ng, ng, hay, isang araw. Inilagay ko na ang sarili ko na maghintay ng isang araw sa paghupa ng bahang ibinunghalit ni Ondoy.

Hanggang baywang ang baha sa mismong panulukan ng Buendia at Taft. Bihira ang tumatawid na de-makina. Puro de-tulak at de-pasan ang pumapasada, tawiran lang ang ruta. Pumunta ako sa terminal ng Jac Liner na baha rin ang loob. Nagtanong-tanong ako sa mga empleyado ng Jac Liner. Istranded daw ang kanilang mga bus sa SLEX na hanggang dibdib daw ang baha. Alas-onse pa raw ng umaga nakatanga ang mga nakaparadang bus na puno ng mga nakatangang pasahero. Walang katiyakan kung kailan aalis. Humanap ako ng mauupuan sa loob ng bagong gawang terminal. Itinaas ko ang paa ko sa upuan sa harap dahil may baha na rin sa elevated na terminal. Nagkutkot ako ng mani. Nakakangawit. Tumayo ako at nagsindi ng sigarilyo. Naupuan agad ang binakante kong upuan. Hindi na ako tatagal ng isang oras—lalo na ang isang araw!—na pagtunganga nang nakataas ang paa. Hindi na ako puwedeng bumalik sa La Salle na kaninang bago ako umalis ay may



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 209 11/7/2017 3:38:52 PM

anunsiyo si Bro. Armin na hindi na raw advisable bumiyahe pauwi. Magpapalugaw si Bro. Armin, announcement niya bago ako umalis ng kampus. Sayang. Hindi ko na kakayaning bumalik ng La Salle. Sayang ang mainit na lugaw.

Humahaginit ang ulan. May kaunting hangin. Hanggang kuyukot at baywang ko ang baha. Sisiw sa akin ang bahang ganito kung babalik ako sa La Salle. Kung ako lang. Kaya lang marami akong bitbit, una na ang uugod-ugod at simbigat ng chinook helicopter kong laptop kasama ang mga librong pinagsisihan kong hiramin sa aklatan. Ayoko nang magbakasakali. Wala pa akong pamalit sa laptop ko at pambayad sa mga magsu-swimming na libro. Sa terminal ng Jac Liner na lang ako. Baka mahulog pa ako sa manhole na ninakawan ng takip ng kung sinong adik. Baka maulila sa ama agad si Bani. Baka mabiyuda agad si Angel. Baka maging tantos lang ako sa statistics ng kalamidad na alyas Ondoy.

Naisip kong umakyat uli ng estasyon ng LRT. Kahit papaano, walang baha sa estasyon ng LRT. Pwede na akong matulog sa nanlilimahid na sahig basta ligtas lang ako sa baha at hindi nauulanan, at ang pinakaimportante, hindi nangangawit habang naghihintay sa paghupa ng baha ni Ondoy.

Karugtong ng bagong terminal ng Jac Liner ang hagdan sa estasyon ng LRT. Doon ako dumaan papanhik. Nakita ko sa 2nd floor ng terminal ang ilang pasaherong nakasalampak na sa sahig. Maganda ang puwesto. May ceiling fan sa ikalawang palapag na gagawing commercial center ng management ng Jac Liner. May tindahan ng pagkain sa ibaba at hindi na kailangang lumusong pa nang malalim para makatsitsa. Goodbye LRT station, hello uli terminal ng Jac Liner.

Humanap ako ng bakanteng espasyo sa sahig. Sumalampak ako sa isang sulok. Inihanap ko rin ng puwesto ang tone-tonelada kong Sagada backpack na may kargang chinook helicopter laptop, at ang plastic bag taglay ang matapat kong Camper at bagong medyas na ginahasa na ng bahang Taft. Sumandal ako sa pader. Five star hotel ang ikalawang palapag kumpara sa suruting walk-in na puwesto ko sa ibaba ng terminal ng Jac Liner. Nakakarelaks kahit malamig ang singaw ng kongkretong pader. Nilamas ko sa alkohol ang binti kong niromansa ng bahang Taft Avenue. Mahirap nang mabenditahan ng dyinggel ng daga. Hagod, masahe, inat-inat. Humingi ng alkohol ang katabi kong babae. Sa gitna ng krisis, tulungan dapat, bigayan dapat. Matapos ang predictable na "Taga-saan po kayo? Bakit po kayo narito?" naging kakuwentuhan ko ang dalawang babaeng pawang taga-Candelaria. May dumagdag, titser din na taga-Tiaong. May isa pang dumating. Naging anim kami. Nabuo ang isang kulto ng mga titser na taga-Quezon na nag-aaral sa Maynila tuwing Sabado at ginipit ng bagyo kaya naistranded.

Ano pa ba ang puwedeng hapunan sa ganoong pagkakataon, piyesta na ang Nissin cup noodles at dalawang Skyflakes. Solb na solb na. May inuming tubig ako.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 210 11/7/2017 3:38:52 PM

Wala nang sepi-sepilyo (bakit kasi nakalimutan kong bumili). Para daw kaming mga OFW na minaltrato ng amo sabi ni Azelle, titser sa Enverga sa Candelaria. Sinakyan ko na ang kuwento ni Azelle: nasa embahada kami ng 'Pinas kunwari, naghihintay sa tulong ni Villar kunwari. May kasama kaming na-illegal recruiter kunwari. Mga inabot ng giyera sa Lebanon kunwari. Mga nasunugan kami kunwari. Kuwentuhan kami tungkol sa mga klase namin, sa mga totoong buhay namin sa eskuwela. Binuksan ko ang laptop ko at isinalang ang huling treinta minutos ng Smart Bro para makasagap ng balita at alimuom bukod sa mga balitang itinetext na sa akin ni Angel. Ang balita: gaya rin ng text ni Angel, wala daw kaming pag-asang makauwi nang mabilisan dahil sarado at baldado na ang mga haywey papunta ng sur sabi ng Philstar.com at Inquirer.net at GMAnews.tv. Bugbog-sarado ang Kamaynilaan at mga kapitbahay na probinsiya, gaya rin ng text sa akin ni Angel. Marami nang binabakwet, marami nang namamatay dahil kay Ondoy. Gaya rin ng text ni Angel.

Nag-usyoso muna ako bago matulog habang naninigarilyo sa nagpapanggap na terrace ng evacuation center namin. Mula sa terrace—hagdan ng Buendia station ng LRT—kitang-kita ko ang pinsala ng baha. Mga itinutulak na sasakyan, mga pedicab na akala mo vintang nakalutang sa dagat ng Tawi-tawi, mga taong naglalakad sa hanggang wetpaks (o baywang, depende sa height nila) na baha, bus at mga SUV na naglakas-loob sumagasa sa baha at ang tsunaming tangay nito sabay ang murahan ng mga iwinasiwas ng alon. Madaling makakuha ng kausap, mag-"tsk-tsk-tsk" ka lang habang nakatanaw sa baha siguradong may sesegunda sa iyo. Kuwentuhan na ang kasunod.

Alas-nuwebe ng gabi. Binilot ko ang jacket kong kurduroy. Iniunan. Napasarap ang tulog ko. Katunayan, napanaginipan ko pa ang buhay ko sa Normal sampung taon na ang nakalilipas. Kaya nang gisingin ako ng mga kapuwa ko istranded na titser ng Lalawigan ng Quezon bandang alas-onse y media ng gabi, medyo nahilo ako sa biglaang pagbangon. May bus na daw papuntang Lucena. Humupa na ng isang dangkal ang baha. Dangkal ko. Hindi dangkal ni Dagul. Lalong hindi ang dangkal ni Yao Ming.

Lumusong uli kami para marating ang pinto ng bus. Parang may yelo ang tubig-baha. Naisip ko na lang na hindi bale, bihira naman ang ganito. Parang malambot na kamang napakasarap tulugan ang upuan ng Lucena Lines, ang kapatid na bus ng Jac Liner. Nagising na lang uli ako sa Lucena ng Linggo ng alas-tres y media ng umaga. Nakangiting pahabol pa ng konduktor bago ako bumaba sa diversion: "Ingat po kayo, Ser." At bihira ang bating ito. Bihirang-bihira.#



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 211 11/7/2017 3:38:52 PM